Maagang pagpapatala ng pagaaral sa Santa Clara County

Siyamnapung persyento o bahagdan ng utak ng isang bata ay nabubuo sa edad na lima kaya naman regular na dumadalo sa mga programa sa maagang pag-aaral ay bumubuo ng matibay na pundasyon para sa tagumpay sa buhay at mga karera sa hinaharap. Ang opisina ng Edukasyon ng Santa Clara County ay may mga pagkukunan upang matulungan ang mga pamilya at tagapag alaga na mahanap at i-enroll ang kanilang mga anak sa mga programang angkop sa kanilang pangangailangan.

Kapangakan – dalawang taon

Mga Programa para sa mga batang may murang edad at paslit

Mga Pagpipilian:

- Lisensiyadong pangangalaga ng bata sa mga sentro at tahanan ng pamilya
- Mga programang hindi kaylangan ng lisensya
- Mga programang may bayad at mura

Tatlo - limang taon

Mga programa sa preschool at Transitional Kinder

Mga Pagpipilian:

- Lisensiyadong pangangalaga ng bata sa mga sentro at tahanan ng pamilya
- Mga lisensyadong programang pre school na nakabatay sa sentro
- Mga programang may bayad at mura
- Mga programang pinapatakbo ng paaralan

Limang taon - pataas

Mga programa sa Kindergarten

Mga Pagpipilian:

- Mga programang pinapatakbo ng paaralang
- Mga programang lisensiyado at hindi kaylangan ng lisensya, bago at pagkatapos ng paaralan

Ang tagumpay at nagsisimula ng maaga

Ang isang bata na naka-enroll at laging dumadalo sa mga programa sa maagang pag aaral ay....

Makakagawang bumuo ng mahalagang nagbibigay malay (cognitive), sosyal (social), at emosyonal (emotion) na mga kasanayan para sa hinaharap na pag- aaral

Mas malamang na maging isang mahusay na mambabasa sa pagtatapos ng ika tatlong baitang

Mas malamang na pumunta sa kolehiyo

Mas malamang na magkaroon ng panghambuhay na kita

Santa Clara County Office of Education

Tignan ang kabaligtaran

Alam mo ba? Karamihan sa mga 4 na taong gulang sa California ay karapat-dapat para sa libreng transisyonal na kindergarten. Bisitahin ang www.enrollsantaclara.org para matuto pa.

Mga uri ng programa

Lisensyadong programa

Ang lisensyadong programa ay pinapatakbo sa mga sentro o tahanan ng pamilya at dapat matugunan ang mga kinakailangan sa paglilisensya na itinakda ng Kagarawan ng Panlipunan ng California (California Department of Social Services). Kabilang dito ang libre at murang mga programa tulad ng Headstart at ang California State Preschool program.

Mga programang hindi kaylangan ng lisensya

Ang mga programang hindi kaylangan ng lisensya ay maaring gumana o tumakbo ng legal nang walang lisensya. Nagbibigay sila ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga tahanan, sentro, mga programa sa lungsod, mga co- ops ng mga magulang, bago at pagkatapos ng mga programa na pinapatakbo ng mga paaralan, at higit pa. Ang mga tagapagbigay ng License- Exempt na Programa ay kinakailangan malinis ang kanilang kriminal background check.

Mga Programa ng Paaralan

Ang mga programang pinapatakbo ng paaralan ay pinapatakbo sa loob ng isang paaralan. Ang mga programa ng Transitional Kindergarten at Kindergarten ay libre at bukas sa lahat anuman ang katayuan sa imigrasyon. Maaring mag alok ang mga paaralan ng libre, mura, at nakabatay sa bayad na programa para sa paaralan.

Maghanap ng Programa

Pagpapatala sa Paaralan

Para sa kaalaman tungkol sa pagpapatala sa paaralan sa Preschool, Transitional Kindergarten, Kindergarten, mangyaring makipagugnayan sa iyong lokal na paaralan o distrikto. Ang tanggapan ng edukasyon ng Santa Clara County website at mga hakbang tungo sa tagumpay ay magbubunsod ng mahalagang mapagkukunan ng pagpapatala.

Mga Mapagkukunan ng Pagpapatala:
www.enrollsantaclara.org

Mga Programa sa pag aaral ng bata o Preschooler

Ang programang Santa Clara County Childcare Resource at Referral (R&R) ay nagbibigay sa bawat pamilya ng impormasyon upang makahanap ng mataas na kalidad na mga programa sa pangangalaga sa bata at preschool na nakakatugon sa kanilang mga partikular na pangangailangan.

Makipag-ugnayan sa amin:
childcarescc@sccoe.org
669-212-KIDS (5437)
www.childcarescc.org

Bisitahin ang website para idownload ang Quality Childcare Checklist

Head Start at California State Preschool Program

Pinapatakbo ng Opisina ng Edukasyon ng Santa Clara County ang silid-aralan ng Head Start, Early Head Start at California CSPP & CCTR. Ang mga programa ay nagbibigay ng buong araw at part-day (kalahating araw o kabahagi ng araw) na serbisyo sa preschool, nang walang bayad o mura, sa mga karapat-dapat na pamilya.

Makipag-ugnayan sa amin:
408-453-6900
https://sccoe.to/ELS

Mga programa at suporta para sa mga Batang may Kapansanan

Ang Inclusion Collaborative ay nag aalok ng mga libreng suporta, mapagkukunan ng pangangailangan, at mga referral para sa tagapagturo para sa pamilyang may mga anak na may espesyal na pangangailangan. Makipag ugnayan sa Inclusion Warm line pra sa mga listahan ng inclusive childcare at mga programa sa preschool.

Makipag-ugnayan sa amin:
408-453-6651
inclusionwarmline@sccoe.org
www.inclusioncollaborative.org

STEPS TO SUCCESS
Enroll. Attend. Learn.

Ang Opisina ng Edukasyon ng Santa Clara County ay nagbibigay ng mga programa at suporta para sa mga migranteng pamilya. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa 408-453-6770.